



2020-2021

# MALAYUANG PAG-AARAL LIBRONG GABAY

---

Hulyo 21, 2020

Ang dokumentong ito ay batay sa impormasyong binigay sa SUSD ay nilaan mula sa mga opisyal ng Kalusugan ng Estado at Publiko mula Hulyo 21, 2020. Pakitandaan na ang dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago batay sa mga kasalukuyang utos na itinakda ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ng California at San Joaquin County, Bersiyon 1.

# mga maliliit na pagkilos, Malaking Pagbabago.

## Pag-reimagine sa pagtuturo at pag-aaral.



### Malugod ng Pagbalik sa 2020-21 taon ng pag-aaral.

Walang duda na ang pandemikong Coronavirus ay nagkaroon ng epekto sa mga pamilya natin at mga komunidad ng paaralan. Sa kabila ng mahirap na panahong ito, nais naming pasalamatang aming mga estudyante, magulang, kawani at stakeholder ng distrito ng SUSD sa pananatiling positibo at matatag sa mga nakaraang ilang buwan. Habang kami ay nagsisimula sa isang bagong landas upang turuan ang aming mga estudyante sa pagpapatuloy ng pagsasara ng paaralan na ito, nagtataglay kami ng isang aspirational na pananaw para sa malayuang pag-aaral na nagsisiguro sa pagiging epektibo sa estudyante, magulang at tagapagturo.

Ang sumusunod na maikling Librong Gabay sa Pagtuturong Modelo ng Malayuang Pag-aaral ay nilikha para ipaalala sa amin na magkasama tayo dito, at tayo ay mananaig. Bagaman may ilang karanasan kami sa malayuang pag-aaral, nais naming ipagdiwang kung gaano ang nilaki namin sa maikling panahon (Tagsibol-Tag-init) at ipaalala sa mga sarili natin na tumatahak pa rin tayo sa mga hindi pa napupuntahang katubigan. Hinihiling namin ang inyong patuloy na suporta at pasensiya habang ginagawa namin ang aming makakaya para buuin ang kapasidad namin sa paghahatid ng kalidad na karanasan sa pag-aaral para sa mga estudyante natin. Kasabay nito, nagpapanatili kami ng social distancing para sa kadahilanan ng kalusugan at kaligtasan. Hangarin namin na ang lahat ng mga estudyante ng SUSD ay bibigyan ng pagpapatuloy ng pagtuturo na nagbibigay parangal sa isang pangako sa pakikipag-ugnayan sa akademiko at isang diwa ng pagiging kabilang sa aming komunidad.

Ang librong gabay na ito ay nagbibigay sa mga pamilya ng SUSD ng mga dulugan para masiguro ang suwabeng transisyon sa ating modelong Distance Learning Instructional. Habang sa kalaunan ay lilipat tayo mula sa ating Modelong Distance Learning Instructional, umaasa kami sa mga mungkahi at rekomendasyon niyo para mas mabuti kayong mapagsilbihan. **Hinihikayat ang mga pamilyang makipag-ugnay sa aming Family Education and Engagement Office sa [www.stocktonusd.net/FEEO](http://www.stocktonusd.net/FEEO)** at tingnan ang mga paparating ka kaganapan ng distrito sa [www.stocktonusd.net/schoolevents](http://www.stocktonusd.net/schoolevents).

Ang nilaang impormasyon sa pagpapatuloy ay nagsa-saalang-alang sa mga utos na tinakda ng State of California Department of Public Health at San Joaquin County Public Health na dapat sundin ng Stockton Unified School District (SUSD). Bilang dagdag, kasama sa plano namin ang mga gabay na tinakda ng California Department of Education (CDE). Pakitandaan na ang dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago

batay sa mga kasalukuyang utos na itinakda ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ng California at San Joaquin County.

# TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN

- 4** Mensahe mula sa Superintendent
- 5** Misyon at Mga Gabay na Prinsipyo
- 7** Mga Resulta ng Survey sa Muling Pagbubukas ng Mga Paaralan
- 8** Mga Panturong Yugot para sa 2020-2021 Taon ng Pag-aaral
- 9** Yugto 1: Modelo sa Malayuang Pag-aaral
- 10** *Ano ang Dapat Asahan ng Mga Pamilya Sa Panahon ng Malayuang Pag-aaral*
- 12** *Preschool at Adult na Paaralan*
- 13** *Access sa Internet at Teknolohiya*
- 14** *Espesyal na Edukasyon at Ibang Populasyon ng Estudyante*
- 20** *Serbisyo ng Pagkain sa Panahon ng Malayuang Pag-aaral*
- 22** *Kalusugan ng Pag-iisip at Wellness*
- 24** *Programa Pagkatapos ng Pagpasok sa Paaralan at Mga Extracurricular na Aktibidad*
- 25** *Impormasyon sa Pag-enroll*
- 26** **Komunikasyon: Paano Ka Makakarinig Mula sa Distrito**
- 28** **Mga Dulugan sa Panahon ng Virtual na Pag-aaral**

*Mensahe mula sa Superintendent:*

# MALUGOD NA PAGDATING SA 2020-2021 TAON NG PAG-

Mahal na kawani, mga estudyante, pamilya at komunidad ng SUSD,

Karangalan ko at pribilehiyo na magsilbi bilang Interim Superintendent ng Stockton Unified School District. Umaasa akong ipagpatuloy ang misyon namin na siguruhin na lahat ng mga estudyante ng SUSD ay magtapos sa kolehiyo, karera at handa sa komunidad.

Nais kong magsimula sa pagpapasalamat sa bawat at lahat ng pamilya sa pagsuporta sa anak nila sa kabuuan ng pandemiko. Alam ko na ang paglipat sa malayuang pag-aaral sa nakaraang Marso ay mahirap, at pinapalangkapan ko ang ating mga estudyante, pamilya at kawani sa kanilang flexibility, katatagan at sa magkasamang pagtatrabahora pamahalaan ang mapanghamong gawain.

Isa sa maraming leksiyon na muling in-apirma ng pandemiko ay mas malakas tayo kapag magkakasama. Kahit na wala tayong kakayahang magsamang pisikal, nakakita tayo ng napakataas na partisipasyon mula sa mga estudyante at pamilya, na nagreresulta sa may mas mabuting kaalamang pagpasya sa ating tugon sa pandemiko. Masyadong nakakahikayat ito, at hinihiling ko sa inyong patuloy na makipagtulungan sa amin. Habang ang team ko at ako ay nagsisimulang gumawa ng mga plano sa pagbabalik sa paaralan sa taglagas, muli kaming dudulog sa inyo para sa input upang magawa nating ang pinakamagandang pasya para sa mga estudyante natin at paaralan, magkasama. Mangyaring hanapin ang survey na ito sa website namin at sa social media.

Ang mga kaganapan sa mga nakaraang linggo ay nagpaalala din sa ating lahat na bawat isa sa atin ay may mahalagang papel na gaganapin para matugunan ang rasismo at pinabatid na pagkiling sa edukasyon. Bilang distrito, dapat tayong patuloy na panatiliin ang pagiging patas sa gitna ng lahat ng ating ginagawa, at gamitin ang edukasyon para hikayatin ang mga pag-uusap patungkol sa rasismo habang nasa mga silid-aralan natin; dapat din tayong magbigay ng mga kasangkapan para sa mga pamilya natin nang magkaroon sila nito sa mga tahanan nila. Ang pagtatayo ng kakayahan ng pamumuno na may "Equity Leaders" ay mahalaga sa pagsasara ng mga powang na pang-edukasyon na umiral sa mga setting ng ating paaralan at distrito, at pananatiliin ko

ang suporta sa mga pagsusumikap sa distrito na nagtataguyod ng mga pag-uusap na ito sa lahat ng mga stakeholder ng SUSD.



Ang pagbuo ng mga relasyon at pagtatag ng mga koneksyon sa ating komunidad ay mahalaga sa tagumpay ng ating Distrito at ating lungsod. Nananatili tayong naninindigan sa pakikipag-ugnay, pagtuturo at pagbibigay kapangyarihan sa ating mga pamilya, at siguruhin na lagi silang may input bago magpasya. Kung mayroon kang isang estudyante sa SUSD o simpleng nakatira ka sa loob ng ating mga hangganan, hinihikayat ka namin na samantalahin ang maraming mga kaganapan sa pakikipag-ugnay na ginagawa namin tuwing taon ng pag-aaral at makisali sa proseso ng paggawa ng desisyon at edukasyon ng ating kabataan.

Sa mga paparating na buwan, dapat tugunan ng distrito natin ang mga makabuluhang pagbabawas sa budget. Mahirap na gawain ito, pero nangangako akong panatiliin ang pagbabawas na ito na malayo sa silid-aralan hangga't posible. Ang Distrito natin ay proactive nang nagtatrabaho para magbigay ng pinansiyal na katatagan. Hinihikayat namin ang lahat ng mga stakeholder na timbangin ang lahat ng kaganapan na isasagawa namin sa taglagas.

Naging mahusay ang ating Distrito sa pagbibigay sa mga estudyante ng pag-access sa mataas na kalidad, batay sa pamantayan na materyales, pati na rin ang pag-access sa mga wrap around na pangsuportang serbisyo. Habang umuusad tayo pasulong, mananatili tayong nakatuon sa pagbibigay ng de-kalidad na unang pagtuturo, mahusay na curriculum, at suportahan ang akademikong pagkamit at social-emotional development.

Sa pagtatapos, umaasa ako sa pakikipag-ugnay sa inyo online, sa mha paaralan natin, at sa komunidad. Mag-enjoy sa mga natitirang linggo ng tag-init!

Gumagalang,

Brian Biedermann  
Interim Superintendent of Schools Stockton  
Unified School District

# ANG MISYON NAMIN

**Stockton Unified School District is Committed to ...**

**1** Implementing Support for Trauma-Informed Care and Instruction

**2** Providing Rigorous and Engaging Instruction at All Levels

**3** Investing deeply in the Development of All Employees

**4** Ensuring High-Quality Educational Choices and Settings for All Youth

**5** Establishing High, Unambiguous Expectations for Adults and Youth

**SUSD**  
Stockton Unified School District  
Since 1852

Leadership Standards and Training Throughout the Organization

Authentic Parent and Community Engagement

Wrap-Around Services for Students and Families

Clarity of Mission and Integrity in Service

**Our mission is to graduate every student college, career, and community ready. In doing so we will lift all youth out of circumstances of poverty and scarcity.**

*Paglikha sa Plano:*


# MGA GABAY NA PRINSIPYO

Walang tigil na nagtatrabaho ang team namin para masiguro na ang Plano sa Muling Pagbubukas ay nakasentro sa kaligtasan at nagbibigay ng de-kalidad na unang pagtuturo para sa mga estudyante natin. Habang patuloy naming pinipino at binabago ang mga plano namin sa pakikipagtulungan sa San Joaquin County Public Health at ating County Office of Education, nais naming tiyakin ang komunidad natin na ang Stockton Unified schools ay muling magbubukas sa Agosto 3 sa pinakaligtas, pinaka-naaayon at nakatuon sa mag-aaral na modelong posible.

Ang gabay ay inilabas mula sa San Joaquin County Office of Education noong Hulyo 13, 2020 patungkol sa muling pagbubukas ng mga paaralan. **Ang gabay na ito ay nakasulat sa pakikipagtulungan sa Public Health Services; [ang gabay ay makukuha sa San Joaquin County Office of Education website sa www.sjcoe.org](#).**

Bilang isang Distrito, gagamitin namin ang bawat pagkilos na maipatupad namin upang mapamahalaan ang mga hamon na dinala ng COVID-19 na nakatuon sa pagbibigay ng mga kapaligiran ng pag-aaral na may pinakamataas na kaligtasan para sa bawat estudyante at miyembro ng kawani, habang nagpapatuloy sa aming gabay na misyon upang magtapos ang bawat estudyante sa kolehiyo, karera, at handa sa komunidad.

Nais naming pasalamatan ang lahat ng mga stakeholder na nagbigay ng pagpuna sa mga estudyante at kawaning bumabalik sa paaralan. Ang pagpuna mo ay madiing nagbigay ng impormasyon sa pagpasya kung paano muling magbubukas ang mga paaralan natin.






PATULOY NA  
KOMUNIKASYON SA  
LAHAT NG MGA  
STAKEHOLDER


Mga Resulta ng Survey:

# MGA SURVEY SA MULING PAGBUBUKAS NG MGA PAARALAN



Ang pagpasya kung paano muling magbukas ang mga paaralan ay ginawa sa pamamagitan ng kombinasyon ng input ng County at Komunidad. Nakakuha ang Distrito ng input ng komunidad sa pamamagitan ng isang poll at dalawang survey ng mga pamilya, estudyante at mga empleyado.

Dahil sa mga kamakailang pagtaas sa COVID-19 at bagong gabay mula sa pamahalaan ng estado at lokal, nakakita tayo ng pagdami sa kagustuhan ng mga stakeholder natin sa malayuang pag-aaral.




Ang mga resulta mula sa ating survey nitong Hulyo ay binubuo ng:




**MGA MAGULANG**

**55% NG MGA EMPLEYADO NATIN MAS GUSTO ANG MALAYUANG PAG-AARAL**



**MGA ESTUDYANTE**

**40% NG MGA ESTUDYANTE NATIN**



**MGA EMPLEYADO NATIN MAS GUSTO ANG MALAYUANG PAG-**

**AARAL**


**MGA EMPLEYADO**

2020-2021 Plano sa Muling Pagbubukas ng Mga Paaralan:

# MGA YUGTO NG PAGTUTURO



Mauugnay ang mga estudyante ng Stockton Unified sa pag-aaral at gagawa ng akademikong progreso kapag sila ay hindi pisikal na nasa mga paaralan. Makakamit ito sa paggamit ng iba't ibang print at digital na dulugan, at magkakaibang paraan ng pakikipag-ugnay sa mga guro (at mga peer kung posible). Ang (mga) guro ng anak mo ay magbabahagi ng pang-araw-araw na materyales sa pag-aaral at magpapanatili ng regular na komunikasyon sa pamamagitan ng mga direktang check-in na tawag, mga regular na oras sa opisina at mga online platform.



## Yugto 1: 100% Malayuang Pag-aaral

Mauugnay ang mga estudyante ng Stockton Unified sa pag-aaral at gagawa ng akademikong progreso kapag sila ay hindi pisikal na nasa mga paaralan. Makakamit ito sa paggamit ng iba't ibang print at digital na dulugan, at magkakaibang paraan ng pakikipag-ugnay sa mga guro (at mga peer kung posible). Ang (mga) guro ng anak mo ay magbabahagi ng pang-araw-araw na materyales sa pag-aaral at magpapanatili ng regular na komunikasyon sa pamamagitan ng mga direktang check-in na tawag, mga regular na oras sa opisina at mga online platform.

## Yugto 2: Hybrid na Modelo na may Social Distancing

Pinagsasama ng Hybrid na Modelo ang harapang pagtuturo sa online na pag-aaral. Binabawasan ng hybrid na modelo ang bilang ng mga estudyante sa pagtatayo ng social distancing sa paglipat ng ilan sa paghatid ng kurso nline. Mauugnay ang mga estudyante ng Stockton Unified sa pag-aaral nang personal dalawang araw bawat linggo at online na pag-aaral tatlong araw bawat linggo.

## Yugto 3: Ganap na Pagbali na may Opsiyon sa Pag-aaral na may Social Distance

Personal na babalik sa paaralan ang mga estudyante ng Stockton Unified, 5 araw bawat linggo, kasunod ang pangkalusugan at pangkaligtasang gabay ayon sa tinakda para sa county at estado, na isama ang mga pamamaraan ng Social Distancing.

## Yugto 4. Normal na Pagtuturo

Personal na babalik ang mga estudyante ng Stockton Unified sa paaralan, 5 araw bawat linggo. Ang yugto ng pagtuturong ito ay mag-iingat sa kasanayang pangkalusugan at kaligtasan para sa interaksyon ng estudyanter at kawani.

*Yugto 1:*

# 100% MALAYUANG PAG-AARAL NA MODELO SA PAGTUTURO

Sisimulan ng ating mga estudyante at kawani ang taon ng pag-aaral na 2020-2021 sa **Yugto 1: 100% distancing Malayuang Pag-aaral na Modelo sa Pagtuturo**. Ang pagtuturo ay mananatili sa modelong ito nang walang nakatakdang panahon hanggang pahintulutan ng mga kundisyong pangkalusugan na pahintulutan tayong ligtas na maghandog ng personal na pag-aaral ayon sa nakabalangkas sa Yugyo 2.

Ang natitiran gbahagi ng librong gabay na ito ay magbibigay ng impormasyon sa kung ano dapat ang asahan ng mga pamilya mula sa Distrito habang tayo ay nasa Malayuang Pag-aaral na Modelo sa Pagtuturo



*Malayuang Pag-aaral:*

# ANO DAPAT ANG ASAHAN NG MGA PAMILYA



Sa simula ng taon ng pag-aaral na 2020-2021, lahat ng mga estudyante ay makakatanggap ng de-kalidad na online na pagtuturo gamit ang Standards-aligned, grade level na nilalaman. Makikipag-ugnay ang mga estudyante sa pang-araw-araw na online na interaksyon sa mga guro at peers para sa layunin ng pagtuturo, pagsubaybay sa progreso at pagpapanatili sa pagiging konektado sa paaralan. Ang pang-araw-araw na partisipasyon ay idodokumento, at maaaring kasama, pero hindi limitado sa kaibayan ng partisipasyon sa mga online na aktibidad, pagkumpleto ng mga regular na asignatura, pagkumpleto ng mga pagtatasa at mga kontak sa pagitan ng kawani at mga pamilya/estudyante.

Kasama sa malayuang pag-aaral ang sumusunod:

- Online na pang-araw-araw na pagtuturo
- Pag-aaral mula sa alternatibong lokasyon
- Kailangang partisipasyon/attendance
- Pagmamarka
- Pang-araw-araw na suporta ng guro

## PARTISIPASYON

Ang pinakamababang pang-araw-araw na minuto ng pagtuturo ay kasama ang sumusunod:

- Ang mga Preschool - CDE na rekomendasyon at paparating
- Transitional Kindergarten at Kindergarten - 180 minuto Baitang 1 hanggang
- 3 - 230 minuto
- Baitang 4 hanggang 12 - 240 minuto
- Ang mga estudyanteng naka-enroll sa Patuloy/Alternatibong Mataas na Paaralan - 180 minuto

Kasama sa mga minuto ng pagtuturo ang oras kasama ng mga guro sa pang-araw-araw, live na interaksyon pati na ang oras na kailangan para makumpleto ang mga regular na asignatura at pagtatasa.

## PAGMAMARKA

Ang mga [kasanayan sa pagmamarka sa buong Malayuang Pag-aaral ay isasagawa ayon sa estudyante sa baitang TK hanggang 6 na baitang ay makakatanggap ng rubric o scale score \(1, 2, 3, 4\) sa report card. Ang mga estudyante sa baitang 7 hanggang 12 ay makakatanggap ng mga letrang marka \[A, B, C, Walang Marka](#)

[\(NM\)](#). Ayon sa SUSD Board Policy 5121, “ang [Ang](#) mga baitang ay ibabatay sa walang kinikilingan, hindi nagbabagong obserbasyon ng kalidad ng trabaho ng estudyante at kanyang kaalaman sa nilalaman ng kurso at mga layunin. Ang mga estudyante ay magkakaroon ng oportunidad na ipakita ang kaalamang ito\_

sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan tulad ng partisipasyon sa silid-aralan, takdang aralin, mga test at mga portfolio.”

[Matuto](#) Ang pagmamarkang ito ay magsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral, kasama ang mga Nag-aaral ng Ingles, mga estudyanteng nakakaranaw ng kawalan ng tirahan o ibang transisyon, foster na kabataan at mga may [ibang access sa digital na pag-aaral at ibang kasangkapan o materyales.](#)

Formatted: Right: 0.57", Space Before: 6.55 pt

- Para sa mga baitang TK-6 ang pagmamarka ay patuloy na gagamit ng mga iskala ng rating at markang rubric tulad ng natukoy sa [SUSD Board Policy](#).

- Para sa mga baitang 7-12 sa partikular, ang pagmamarka ay patuloy sa umiital na porsiyentong saklaw ng Distrito para sa mga letrang marka, na may sumusunod na mga opsyon para sa lahat ng mga estudyante: A, B, C, D, o Walang Marka pa sa [www.stocktonusd.net/curriculum](http://www.stocktonusd.net/curriculum).

**Formatted:** Font color: Auto

**Formatted:** Right: 0.57", Space Before: 6.55 pt, Bulleted + Level: 1 + Aligned at: 1.23" + Indent at: 1.48"





## ATTENDANCE

Lahat ng mga estudyante ay inaasahang lumahok sa online na live na pagtuturo bawat araw. Ang estudyanteng hindi lumalahok araw-araw sa malayuang pag-aaral ay mamarkahang absent sa bawat araw ng paaralan ng hindi paglahok. Kapag ang mga estudyante ay hindi lumahok sa online na live na pagtuturo bawat araw, ito ay negatibong makakaapekto sa pag-aaral nila at maaaring magtungo sa konsiderasyon sa pagiging truant.

## MGA MATERIALES SA PAGTUTURO

Ang curriculum at ibang magagamit na pang-edukasyong materyales (hal. mga musical instrument, supplies) ay ilalaan ng site ng paaralan ng bawat estudyante. Ang pamamahagi ng mga item na ito ay aayusin at ikomunika ng paaralan. Ang online na access sa district-adopted na curriculum ay mahahanap sa website ng distrito sa [www.stocktonusd.net/StudentResources](http://www.stocktonusd.net/StudentResources).


## SUPORTA PARA SA MGA PAMILYA

Ang suporta at tulong sa trabaho sa silid-aralan ay kailangang ikomunika at matanggap ng guro sa silid-aralan. Bilang sanggunian mo, binibigyan ka namin ng impormasyon sa Pangunahing 10 Pinakamahusay na Kasanayan - De-kalidad na Pag-aaral sa Bahay sa Kapaligirang Malayuang Pag-aaral: [bit.ly/2Wv6DY](https://bit.ly/2Wv6DY).

## MGA PINAKAMAHUSAY NA KASANAYAN PARA SA MALAYUANG PAG-AARAL

- Subukang magkaroon ng partikular na lugar na tahimik at kumportable, na gagamitin araw-araw sa pagsali sa mga live na klase.
- Panatiliin ang iyong papel, notebook at ibang school supply sa parehong lugar.
- Isara ang mga hindi kailangang aplikasyon sa device mo para panatiliin ang video mong gumagana nang mabuti
- Para makita ka ng iyong guro at mga kaklase, ilagay ang device mo na nakaharap ka sa ilaw o bintana. Gugustuhin mo na ang ilaw ay nakatapat sa mukha mo (hindi sa likod mo).
- Panatiling naka-on ang camera mo sa live na klase. (Kung hindi mo maiiwang naka-on ang camera mo, padalhan ng mensahe ang iyong guro para ipaalam sa kanya).
- Panatiling naka-mite ang mikropono mo habang nagsasalita ang ibang tao. Gamitin ang reaksiyon at partisipasyong mga icon para lumahok habang naka-off ang mikropono mo.
- Gumamit ng headset na may external mic para pinakamainam na makarinig at makapagsalita, kung posible
- Kapag nagsasalita ka, ipaalam sa ibang tao na tapos ka na sa pagsabi ng isa sa mga sign-off na ito: "Iyon lang." "Tapos na ako." "Salamat." Para malaman ng lahat na tapos ka na sa mga komento mo.
- Tandaan na ang "chat box" ay publiko at may tala ng chat na itinatago.
- Alamin ang nakapaligid sa iyo. Nakikita ng guro mo at mga kaklase ang nasa likod mo.
- Tandaan na paaralan ito! Siguruhing makipag-ugnay sa angkop sa paaralan na asal at damit.

# PAG-AARAL SA PRESCHOOL AT PAARALAN NG ADULT



## PRESCHOOL

Para sa simula ng taon ng pag-aaral na 2020-21, ang mga pre-k na estudyante ay makakatanggap ng dekalidad na malayuang pag-aaral bawat araw ng linggo ng paaralan. Ang mga magulang ay kokontakin ng kanilang guro sa preschool para sa mga detalye patungkol sa oryentasyon at digital platform sa pagtuturo.

Ang online na pagpaparehistro sa preschool ay makukuha sa [bit.ly/SUSDpreschool](https://bit.ly/SUSDpreschool). Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang Preschool Department sa (209) 933-7380 ext. 1383 o pumunta webpage ng aming distrito sa [bit.ly/SUSDpreKinfo](https://bit.ly/SUSDpreKinfo).

## PAARALAN SA ADULT

Ang taon ng pag-aaral na 2020-2021 sa Stockton School for Adults ay magsisimula sa Lunes, Agosto 3, 2020. Ang mga adult na estudyante ay magkakaroon ng oportunidad na lumahok sa Malayuang Pag-aaral sa ESL, Mataas na Paaralan/GED, Adult Basic Education at mga kursong CTE. Ang mga guro ay magsisimulang kumontak sa mga bago/bumabalik na estudyante sa Biyernes, Hulyo 31, para sabihan sila ng mga partikular kung paano/saan nila maa-access ang kanilang mga online na kurso.

Ang online na pagpaparehistro ay makukuha sa [www.stocktonusd.net/SchoolForAdults](https://www.stocktonusd.net/SchoolForAdults). Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang paaralan sa (209) 933-7455.

*Pagiging Konektado:*

## ACCESS SA INTERNET AT TEKNOLOHIYA



### MGA CHROMEBOOK COMPUTER



Bibigyan ng Distrito ng isang Chromebook laptop ang sinumang estudyante na kailangan ng isa para makumpleto ang nakatalagang gawain sa paaralan. Ang impormasyon kung kailan at saan kukuha ng Chromebook ay malapit na ibahagi. Ang karagdagang impormasyon sa Chromebook Care at Technical Support ay mahanap sa aming website sa [www.stocktonusd.net/TechAccess](http://www.stocktonusd.net/TechAccess).

### KONEKTIBIDAD SA INTERNET



Gusto naming matiyak na ang mga estudyante namin ay may access sa internet sa mahalagang panahong ito. Kung wala kang koneksiyon sa internet sa bahay para makumpleto ang digital na malayuang pag-aaral, may ilang opsyong makukuha mo. Tingnan sila dito sa [bit.ly/32lh9vY](https://bit.ly/32lh9vY). Ang Distrito ay magkakaroon ng \_\_\_\_\_ limitadong bilang ng mga Hotspot na magagamit ng mga estudyante. Ang mga kailangan ng Hotspot ay dapat punan ang Technology Request Survey. Matuto pa sa [www.stocktonusd.net/TechAccess](http://www.stocktonusd.net/TechAccess).

### KUNG MAWALAN KA NG ACCESS SA TAON

Kung ang nilaan ng distrito ng anak niyo na chromebook o hotspot ay humintong gumana o sira, o kung kailangang tingnan ang bagong teknolohiya dahil sa pagbabago sa access sa teknolohiya sa bahay, mangyaring ipaalam sa guro ng anak mo para makapagsagawa ng pag-aayos ng kapalit.

### PAGSASALA SA INTERNET

Lahat ng mga Chromebook laptop ay naka-ayos para gumamit ng Internet filter para subaybayan at harangan ang mga hindi angkop na nilalaman at mga website.

*Malayuang Pag-aaral:*

# MGA ESPESYAL NA EDUKASYON NG SERBISYO



## TAGUBILIN

- Ang mga guro ng Espesyal na Edukasyon ay makikipagtulungan sa mga guro ng core content sa pamamagitan ng (mga) virtual platform para iayon ang mga karanasan sa pag-aaral nang matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante sa isang kapaligirang malayuang pag-aaral.
- Ang pakikipagtulungan pag-uusap at pagpapalano sa paligid ng mga akomodasyon modipikasyon, at disenyo ng leksiyon, ay ilalagay sa lugar para matugunan ang mga pangangailangan ng bawat indibiduwal na estudyante ayon sa kanilang Individualized Education Plan.
- Ang tagubilin ay ibabatay sa pinatupad na curriculum ng Stockton Unified District Benchmark, Steps to Advance, Attainment, Pearson and Iready Math na nagbibigay-diin na lahat ng mga estudyante ay may oportunidad na mapakitaan ng at malantad sa CORE Curriculum ng distrito, namay layunin na lahat ng mga mag-aaral ay nasa daang magtapos mula sa Mataas na Paaralan.
- Ang pagtuturong pamamagitan ay gagamitin kasama ng mga karagdagang dulugan para masiguro na ang indibiduwal na mga inaatas ng IEP, at mga indibiduwal na layunin ay matugunan.
- Pagtuturo sa pangkat ng guro ng pangkalahatang edukasyon, pagtuturo sa maliit na pangkat, partisipasyon sa nakabahaging virtual learning na platform, ay pundasyon na magpapahintulot sa indibiduwal na estudyanteng access sa core curriculum.

## ANG KAWANI NG ESPESYAL NA EDUKASYON AY:

- Magbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa IEP sa pamamagitan ng maraming madalidad: mga website ng online napag-aaral, online na materyales sa pagtuturo, mga papel na pakete, panturong video, atbp.
- Isaindibiduwal ang materyales nang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat estudyante batay sa kanilang Individualized Education Program.
- Isaindibiduwal ang access sa mga online na programa sa pag-aaral at mga kasangkapan.
- Makipagtulungan sa mga guro ng pangkalahatang edukasyon, kaugnay na tagapaglaan ng serbisyo at administrador, kung kailangan.
- Regular na makipagtulungan sa mga pamilya sa pamamagitan ng mga komperensiya sa telepono at mga email.
- Bilang naaayon, magbigay ng mga virtual na sesyon sa pag-aaral sa mga indibiduwal na estudyante, na may pahintulot ng magulang.
- Magbigay ng lingguhang oras ng opisina sa mga pamilya at estudyante.
- Patuloy na subaybayan ang progreso at ayusin ang mga akomodasyon at modipikasyon sa pakikipagtulungan sa mga guro/kaugnay na serbisyo kung kailangan.
- Sundan ang nasyonal at pang-estadong gabay sa mga pamamaraan at paghahatid ng mga serbisyo para sa mga estudyante na may mga IEP.

## MALAYUANG PAG-AARAL

- Ang Malayuang Pag-aaral para sa Espesyal na Edukasyon ay maaaring maganap sa paraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya para mapadali ang estudyante-guro at estudyante-estudyante komunikasyon.
- Ibinahagi ng distrito natin ang inaasahan na ang aring mga guro sa Espesyal na Edukasyon ay makikipagtulungan sa mga guro ng pangkalahatang edukasyon sa pagsali sa kanilang mga virtual na silid-aralan at kanilang virtual na pag-aaral na platforms, hal. Google Classroom, Padlets, Class Do Jo, etc. upang matugunan ang lahat ng mga Individual Education Plan at Mga Inaatas.
- Maaari kang makakita ng mga indibiduwal na asignaturang pino-post para sa inyong mga estudyante, at/o ilang Co-Teaching Instructional Services na nilalaan.

## MGA PAGPUPULONG SA INDIVIDUAL EDUCATION PROGRAM (IEP)

- Ang mga estudyanteng may kapansana ay patuloy na makakatanggap ng espesyal na edukasyon ay mga kaugnay na serbisyo sa panahon ng malayuang pag-aaral.
- Ang IEP plan ng bawat estudyante ay patuloy na ipatutupad sa panahon ng malayuang pag-aaral.
- Sa pamamagitan ng telecommunication, patuloy tayong magsasagawa ng mga pagpupulong ng IEP para repasuhin ang mga layunin ng IEP at amyendahan ang mga IEP bilang naayon.
- Ang Mga Tagapamahala ng Kaso ay gagawa ng proseso para ikomunika sa mga magulang at tagapag-alaga tungkol sa probisyon ng mga serbisyo ng kanilang anak sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral.
- Ang mga pagpupulong ng IEP ay isasagawa gamit ang telepono at mga video conference tool.
- Handa ang distrito naming magbigay ng pagsasalin at pangangailangan sa interpreter para sa mga estudyante ay mga pamilya.
- Patuloy kaming magtatrabaho kasama ng mga pamilya namin para gumawa at magbigay ng tagubilin at suporta sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral. Ang mga tele-related na serbisyo ay maaaring gamitin ara mapadali at magbigay ng speech at language therapy, occupational therapy, physical therapy na konsultasyon at mga serbisyong kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip.

### MGA OPSIYON SA PAGPUPULONG NG IEP:

- Mga Virtual na Pagpupulong
- Mga Teleconference na Pagpupulong
- Mga On-Site na Pagpupulong na tumutugon sa gabay sa kalusugan ng County at Estado
- Mga Hybrid na Pagpupulong (ang mga kalahok ay maaaring nasa site, at/o sa telepono)

## UPDATE SA PROSESO NG IEP

- Bilang bahagi ng mga kinakailangan sa AB 98 ang lahat ng mga paparating na mga IEP sa kanilang regular na nakatakdang taunang at triennial na mga petsa ay magkakaroon ng karagdagang wika na kasama ang isang paglalarawan ng mga paraan kung saan ibibigay ang IEP sa ilalim ng mga kondisyong pang-emergency.
- Ang team ng IEP ay tatalakay sa mga serbisyo sa taon ng pag-aaral na 2020-21, kasama ang pagbibigay kahulugan sa “malayuang pag-aaral.”

## Malayuang Pag-aaral: Mga Espesyal na Edukasyong Serbisyo (karugtong)

### MGA IEP NA PAGTATASA

- Ang mga IEP na pagtatasa ay magpapatuloy sa Agosto 3 ayon sa appointment lang na ini-schedule ng mga tagatasa. Ang mga tagatasa ay makikipag-ugnay para i-schedule ang mga appointment sa mga pamilya at tagapag-alaga.
- Sa proseso ng pagtatasa, lahat ng gabay sa kalusugan ng county at estado ay susundin.

### MGA TAGAPAGLAAN AT IMPLEMENTASYON NG MGA SERBISYO

Lahat ng mga kaugnay na serbisyo sa sumusunod na graph ay batay sa indibiduwal na estudyanteng IEP at pati ang mga nakadokumentong serbisyo. Ang mga guro at mga kaugnay na tagapaglaan ng serbisyo ay magbabahagi ng kanilang mga panturong aktibidad para sa mga pamilya at estudyante sa isang lokasyon sa pamamagitan ng Virtual Platform. Ang kawani ay magbibigay ng isinaindibiduwal na aktibidad ayon sa nadetermina ng IEP.

MGA TAGAPAGLAAN	PAGPAPATUPAD NG MGA SERBISYO
Mga Guro sa Siid-aralan ng Espesyal na Edukasyon	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Gagawa ang mga guro ng lingguhang video para panoorin ng mga estudyante sa mga larangan ng pagtuturo mula sa umagang pagsalubong/warm-up hanggang sa mga pang-edukasyong kanta bilang nararapat.</li> <li>• Ang mga mag-aaral ay may access sa mga online na programa sa pag-aaral kasama ang Benchmark, Steps to Advance, i-Ready, Pearson, at Attainment.</li> <li>• Rerepasuhin ng mga guro ang progreso ng estudyante at magbibigay ng mga karagdagang materyales kung kailangan.</li> <li>• Magbibigay ang mga guro ng mga lingguhang aktibidad.</li> <li>• Gagawa ang mga guro ng isinaindibiduwal na leksiyon para sa mga estudyante batay sa kanilang IEP.</li> </ul>
Speech at Language Pathologist	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang Mga Speech at Language Pathologist ay magbibigay ng isinaindibiduwal na pagtuturo na nakaayon sa IEP ng mga estudyante kasama ang nai-record o nasa virtual learning platform.</li> <li>• Ang mga Speech at Language Pathologist ay makikipagtulungan sa mga guro sa siid-aralan.</li> <li>• Ang mga Speech at Language Pathologist ay kokonsulta sa mga pamilya para magbigay ng pagtuturo para ipatupad ang mgaistratehiya sa pagsasalita.</li> <li>• Ang mga Speech at Language Pathologist ay gagamit ng mga virtual learning platform para magbigay ng mga aktibidad sa online na pagtuturo.</li> </ul>
Psychologist ng Paaralan	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga psychologist ng paaralan ay makikipag-ugnay sa mga estudyante na tumatanggap ng mga serbisyo sa pagpapayo para sa pahintulot na magkaroon ng mga virtual counseling session.</li> <li>• Ang mga psychologist ng paaralan ay gagawa ng materyales na ilalaan sa mga pamilya para ipatupad sa bahay. Maaaring kasama sa materyales ang mga panlipunang kuwento, mga poster na paalala sa istratihiya, mga aktibidad at mga video.</li> <li>• Makikipagtulungan ang mga psychologist ng paaralan sa mga pamilya sa pamamagitan ng telepono/virtual conferencing o mga email. Ang mga psychologist ng paaralan ay makikipagtulungan sa mga pamilya para magbigay ng pagtuturo sa pagpapatupad ng mga istratihiya.</li> </ul>
Occupational Therapist	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga occupational therapist ay kokontak sa mga pamilya para magbigay ng pagtuturo sa pagpapatupad ng mga istratihiya.</li> <li>• Ang mga occupational therapist ay bubuo ng materyales na maaaring sundan sa bahay.</li> </ul>
Physical Therapist	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga physical therapist ay bubuo ng materyales na maaaring sundan sa bahay.</li> <li>• Ang mga BCBA ay magbibigay ng kokontak sa mga pamilya para magbigay ng pagtuturo sa pagpapatupad ng mga istratihiya.</li> </ul>
Board Certified Behavior Analyst	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga BCBA ay magbibigay ng mga istratihiya at pamamaraan sa pamamahala ng asal sa bahay paara sa mga pamilya batay sa isinaindibiduwal na pangangailangan ng bawat estudyante.</li> <li>• Ang mga BCBA ay magbibigay ng telepono/virtual conferencing o mga email. o mga email sa mga pamilya. Ang mga BCBA ay kokonsulta sa mga guro at kawani ng espesyal na edukasyon kung kailangan.</li> </ul>



*Malayuang Pag-aaral:*

## MGA ESPESYAL NA POPULASYON

### MGA ESTUDYANTENG MAY 504 PLAN

Sinaad ng USDOE sa Supplementong Fact Sheet, na may petsang Marso 21, 2020: “Para malinaw: ang pagsiguro ng pagtupad sa Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), at Seksiyon 504 ng Rehabilitation Act (Section 504), at Title II ng Americans with Disabilities Act ay hindi dapat pumigil sa anumang paaralan na maghandog ng mga pang-edukasyong programa sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral.” Ang bawat lugar ng paaralan ay may 504 coordinator o case manager, sa pangkalahatan ang responsibilidad na ito ay pinanghahawakan ng site administrator. Ang mga pamilya ay maaaring direktang makipag-ugnay sa site ng paaralan para makatanggap ng gabay o suporta sa 504 Plan. Kung ang mga pamilya ay hindi makakuha ng gabay o suporta sa site ng paaralan, mangyaring kontakin si Jennifer Robles, District 504 Coordinator, sa [JRobles@stocktonusd.net](mailto:JRobles@stocktonusd.net) o tumawag sa (209) 933-7130. **Ang mga pamilya ay maaari ring bumisita sa aming website sa [www.stocktonusd.net/Page/317](http://www.stocktonusd.net/Page/317).**

### MGA PAMILYANG NASA TRANSISYON

Ang McKinney-Vento Homeless Assistance Act (McKinney-Vento Act) (42 U. S. C. § 11431 -11435) ay isang pederal na lehislasyon na sumisiguro sa mga pang-edukasyong karapatan at proteksiyon ng mga bata at kabataan na nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Kailangan nito ng lokal na pang-edukasyong ahensiya (Mga LEA) na siguruhin na ang mga estudyanteng walang tirahan ay may access sa parehong libreng, angkop na pampublikong edukasyon, kasama ang mga pampublikong preschool, ayon sa nilaan sa ibang mga bata ay kabataan.

Ang mga pamilya o walang kasamang kabataan na kailangan ng tulong, dahil nawalan ng tirahan o nasa transisyon ay kuwalipikado sa, pero hindi limitado sa mga sumusunod na serbisyo:

- Impormasyon tungkol sa McKinney Vento Federal Laws/Rights
- **Mga dulugan at suporta mula sa distrito at ahensiya ng komunidad**
- Padaliin ang suporta sa mga update ng distrito, pagkain at tagubilin
- Suporta para sa ating walang kasamang kabataan [ara masiguro na may mga laptop sila at alam ang pagbibigay ng pagkain
- Suportahan gamit ang pases sa port with bus passesbus
- Suportahan gamit ang mga school supply

Para kumpletuhin ang intake sa telepono at/p mag-schedule ng appointment, mangyaring tumawag sa (209) 933-7020. Marami pang impormasyon ang mahahanap sa aming website sa [www.stocktonusd.net/FTT](http://www.stocktonusd.net/FTT).



## MGA NAG-AARAL NG INGLÉS

Ang mga akademikong suporta ay dinesenyo para matugunan ang mga pangangailangan sa mga nag-aaral ng Ingles ay patuloy na isasama ang designado at isinamang pagtuturo sa pagpapaunlad ng wikang Ingles, kasama ang pagtatasa ng katastasan sa wikang Ingles, suporta para ma-access ang curriculum, ang kakayahan para muling iklasipika bilang ganap na matatas sa Ingles, at, bilang naaangkop, suporta para sa dalawahang wikang pag-aaral.

## FOSTER NA KABATAAN

### Mga serbisvong nilaan sa mga bata na nakatira sa foster care:


FOSTER YOUTH ASSEMBLY BILL 490: Agarang pag-enroll ng sinumang bata na nakatira sa foster care, kahit na kung ang mga bayad o materyales ay utang sa dating paaralan o ang ay walang mga talaan o damit na karaniwang kailangan sa pag-enroll tulad ng mga tala sa paaralan, talaan ng imunisasyon, katibayan ng paninirahan, o mga uniporme [EC § 48853. 5].

- Ikonekta ang foster youth sa tagapagpayo ng paaralan, pangkalusugan ng pag-iisip ng
- paaralan Magbigay ng mga supply sa paaralan
- Siguruhin na lahat ng mga transcript ng mataas na paaralan ay hiniling
- Subaybayan ang progreso sa paaralan at attendance
- AB 167 /210 High School Graduation Plan (binawasang kredito kung nararapat) AB 12
- Extended Foster Care Program na impormasyon
- Pagpasok sa kolehiyo at impormasyon sa pinansiyal na
- tulong Buwanang workshop sa mga kasanayan sa buhay
- Ikonekta ang foster youth sa mga dulugan ng komunidad
- Malapitang magtrabaho sa mga Foster na Magulang, CPS Social Workers, Juvenile Probation Officers, County Office of Education

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website sa [www.stocktonusd.net/fosteryouth](http://www.stocktonusd.net/fosteryouth) o kontakin ang aming team:

- Eloisa Millan, *Foster/Homeless Liaison Social Service Case Manager* | 209-933-7130 ext. 2614
- Katie Curry, *Community Assistant* | (209) 933-7130 ext. 2610

# SERBISYONG PAGKAIN PARA SA MGA ESTUDYANTE NG SUSD



Ang pinaka-up-to-date na impormasyon sa pagkuha ng pagkain ay mahahanap sa [www.stocktonusd.net/Meal Service](http://www.stocktonusd.net/Meal Service).

## ANG MGA PAGKAIN AY ILALAN LANG PARA SA MGA NAKA-ENROLL NA ESTUDYANTE NG STOCKTON USD LANG

Ang mga pagkain ay ilalaan lang para sa mga naka-enroll na estudyante ng Stockton USD Hindi na makakapagbigay ang mga paaralan ng pagkain sa mga ibang bata sa sambahayan.

## ANG LIHAM/POSTCARD NG SERBISYONG PAGKAIN NA MAY PANGALAN NG ESTUDYANTE AT BARCODE AY KAILANGAN PARA KUNIN ANG PAGKAIN

Upang makatanggap ng mga pagkain, ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat dalhin ang postcard/liham ng serbisyong pagkain na nilaan ng Distrito. Kasama ng postcard/liham na ito ang pangalan ng estudyante, numero ng ID, at tinalagang barcode. Ime-mail ang mga postcard sa lahat ng mga naka-enroll na estudyante sa katapusan ng Hulyo.

**Ang mga kapalit na liham sa serbisyong pagkain ay makukuha sa pagkontak sa Child Nutrition Department sa 209-933-7015.**

Maaaring kunin ang mga pagkain gamit ang postcard/liham sa anumang lokasyon ng serbisyo ng pagkain.

## SOCIAL DISTANCING SA PAGKUHA NG PAGKAIN


Kasama sa mga pamamaraan sa pagkuha ng pagkain ang mga inaatas sa social distancing para sa kaligtasan ng kawani at mga pamilya.

Pananatiliin ang mga pamilya sa sasakyan nila hanggang matapos ang kawaning maglagay ng pagkain para sa pamilya nila sa mesa. Aatras ang kawani mula sa mesa para masiguro na magpanatili ng anim na talampakang layo.

Ipasusuot ng mga mask ang mga magulang/tagapag-alaga sa pagkuha sa gilid ng pagkain. Inaatasan ang kawani na magsuot ng mask sa paghahanda ng pagkain at pagkuha.

## MGA LOKASYON SA PAGKUHA NG PAGKAIN AT ORAS\*

Ang mga pagkain ay ilalaan sa pagkuha sa bangketa sa mga site ng paaralan sa buong Distrito. Ang pagkuha ng pagkain sa bangketa ay magsisimula sa Lunes, Agosto 3, 2020. Ang mga pagkain ay makukuha sa pagitan ng 10:30AM - 12:30PM tuwing Lunes, Miyerkules at Biyernes. Tingnan ang buong listahan ng mga lokasyon ng serbisyong pagkain sa aming website sa [www.stocktonusd.net/MealService](http://www.stocktonusd.net/MealService).



In-update Hulyo 21, 2020

## IMPORMASYON SA ALLERGY SA PAGKAIN

Ang impormasyon sa allergen sa mga planadong item sa menu ay ipo-post sa website ng Child Nutrition. Ang mga menu at item ng pagkain na hinain ay sasailalim sa pagbabago anumang oras nang walang paunang abiso.

*Suporta para sa Mga Estudyante at Mga Pamilya:*

# KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT WELLNESS



## MGA DULUGAN SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP

Nagbibigay ang Mental Health and Behavior Support Services Department ng malawak na array ng mga serbisyo at mga suporta para maiugnay ang mga estudyante at mga pamilya sa malayuang pag-aaral, mula sa indibiduwal at pangkat na suporta sa patuloy na psychoeducational na oportunidad (hal., mga webinar, mga klase ng pangkat na pagsasanay ng magulang, propesyonal na development ng kawani). Ang aming department ay dedikado sa pagsuporta sa buong bata sa pag-aaral nila.

Ang mga Mental Health Clinician ay nakatalaga sa bawat site ng paaralan para magbigay ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip at trauma-informed na mga serbisyo. Tumutulong ang mga clinician na matukoy ang social, emotional, at behavioral na pangangailangan ng mga estudyante at suportahan sila sa pamamagitan ng indibiduwal, pangkat at pamilyang therapy. Sa panahon malayuang pag-aaral ang mga suportang ito ay suwabeng nilaan sa pamamagitan ng telehealth at malayuang pamamaraan. Masipag kaming nagtatrabaho para ikonekta ang mga estudyante sa tamang serbisyo para ganap na suportahan ang kanilang kalusugan sa pag-iisip sa pamamagitan ng mga mapanghamong panahong ito. Nangangahulugan ito ng pagbibigay ng patuloy at napapanahong suporta at gabay para sa mga sitwasyon sa krisis sa paglitaw nito.

Ang Behavior Support Services ay nakikipagtulungan sa mga guro, pamilya at estudyante para itaguyod ang malusog at positibong kapaligiran sa pag-aaral sa bahay. Nagbibigay ang kawani ng Behavior Support ng positibong pamamagitan sa asal at istrategiya na suporta para sa mga estudyante at pamilya nang mapadami ang pakikipag-ugnay sa malayuang pag-aaral sa bahay, mula sa konsultasyon sa guro at edukasyon ng magulang sa mga isinaindibiduwal na plano sa asal.

**Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo at dulugan,**

- **mangyaring** bumisita sa: Aming website sa [www.stocktonusd.net/MHBSS](http://www.stocktonusd.net/MHBSS).
- Virtual Calming Room: [www.stocktonusd.net/Page/13618](http://www.stocktonusd.net/Page/13618)
- Mga pre-recorded na webinar at edukasyon ng magulang na mga video: [bit.ly/MHBSSYouTube](https://bit.ly/MHBSSYouTube).

Para direktang makipag-usap sa tao tungkol sa mga serbisyo namin, mangyaring tawagan kami sa (209) 933-7000 x 7124 o mag-email sa amin sa: [mhs@stocktonusd.net](mailto:mhs@stocktonusd.net).

## MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN

Malapit na ang panahon ng flu. Ang pinakamahasay na paraan para protektahan ang anak mo mula sa flu ay magpabakuna. Upang makatanggap ang anak mo ng bakuna sa flu, dapat mong kumpletuhin ang nakalakip na slip ng pahintulot at isauli ito sa paaralan ng anak mo. I-download at kumpletuhin ang slip ng pahintulot sa flu sa [www.stocktonusd.net/FluVaccineConsentForm](http://www.stocktonusd.net/FluVaccineConsentForm). Ang mga klinika sa bakuna sa flu ay simula sa Setyembre/Oktubre at, kung nakatukoy, ang pangalawang dosis sa Nobyembre/Disyembre. Ang imunisasyon sa flu ay isasagawa sa paaralan, pero lang sa mga nagsauli ng slip ng pahintulot. Sa ngayon, nagbabalak kami ng mga drive-through na flu clinic sa site ng paaralan ng anak mo.

## MGA TAGAPAGPAYO SA PAARALAN

Araw-araw, ang Mga Tagapayo sa Paaralan ay magsusumikap upang maitaguyod ang tagumpay sa lipunan, emosyonal, at pang-akademiko ng aming mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang social emotional. Magaganap ito sa pamamagitan ng paghahatid ng mga leksiyon

sa silid-aralan, pakikipagpulong nang indibiduwal at sa maliliit na pangkat. Ang aming mga estudyante sa baitang 6-12 ay patuloy na magde-develop at ia-update ang kanilang 6-na taong plano patungkol sa kolehiyo at mga plano sa karera sa mga tagapagpayo nila sa paaralan.

Sa unang buwan ng paaralan, ang mga estudyante sa ika-12 baitang ay magsisimulang magtrabaho kasama ng mga tagapagpayo nila para simulan ang kanilang proseso sa aplikasyon sa kolehiyo at FAFSA. Magho-host ang Mga Tagapagpayo ng Paaralan ng iba't ibang kaganapang pakikipag-ugnay sa magulang para sa lahat ng lebel ng baitang sa buong taon ng paaralan. Para sa access sa pagpapayong serbisyo, hinihikayat namin ang mga magulang na bumisita sa mga web page ng tagapagpayo ng paaralan nila sa bawat site ng paaralan.

Dito ka makakahanap ng impormasyon kung paano maabot ang tagapagpayo ng anak mo. Sa web page ng tagapagpayo ng paaralan, makakahanap ang mga magulang ng mga karagdagang dulugan ng SUSD at lokal na komunidad na makukuha ng mga estudyante at pamilya sa pras ng virtual na pag-aaral. Hinihikayat namin ang mga magulang na makipag-ugnay sa tagapagpayo sa paaralan ng anak nila kung may anumang tanong o alalahanin sila patungkol sa kung paano makakatulong ang mga tagapagpayo ng paaralan sa social emotional o akademikong progreso anak nila sa taon ng pag-aaral na 2020-2021.

## KAPAKANAN NG BATA AT PAGPASOK

Sinuportahan ng CWA ang elementarya at mataas na paaralang site na may 504 Plans ang mga estudyante, Home Hospital Instruction (HHI), referral sa San Joaquin County Office of Education, ang proseso ng Pagpasok at/o Behavior School Attendance Review Board (SARB), proseso ng expulsion, at data na kaugnay ng pagpasok ng estudyante, pagsuspindi, at mga expulsion. Itinuturing namin ang sarili naming dulugan at kasosyo ng aming

mga pamilya at mga kasamahan sa site ng paaralan. **Kung may mga tanong ka o alalahanin, mangyaring makipag-ugnay at kontakin kami** sa pamamagitan ng [CWA@stocktonusd.net](mailto:CWA@stocktonusd.net) o (209) 933-7020 ext. 2280. Maaari ka ring bumisita sa Child Welfare and Attendance Department website sa [www.stocktonusd.net/Page/317](http://www.stocktonusd.net/Page/317).

## MGA WELLNESS CENTER

Pinatatakbo ng SUSD ang Mga Wellness Center sa apat na komprehensibong mataas na paaralan nito (Chavez, Edison, Franklin, Stagg). Ang mga center na ito ay pinatatakbo ng kawani ng SUSD at mga tagapaglaan mula sa mga organisasyong batay sa komunidad.

Sa malayuang pag-aaral, ang mga center ay magbibigay ng mga serbisyong Telehealth na kasama ang suporta sa pagpapayo, pamamahala ng kaso sa mga inaalala sa kalusugan at mga gamot, paghinto sa pang-aabuso sa sangkap at pagpigil, pagpapayo sa pamamahala sa galit, edukasyong pangkalusugan at iba't ibang ibang pangsuhporta na programa. Mayroon ding paunang lunas, pagtatasa sa kalusugan at sports physicals.

Malapitang nagtatrabaho ang Mga Wellness Center sa mga tagapagpayo sa paaralan ng SUSD at mga mental health clinician para tugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante natin. Ang mga referral ay magagawa din ng mga guro, magulang at ibang nag-aalalang adult. Ang mga self-referral ng estudyante ay hinihikayat at welcome.

Pumunta sa webpage para sa iyong mataas na paaralan at mag-click sa Wellness Center portal o tumawag sa 209-471-8679 para sa higit pang impormasyon.

# PROGRAMA PAGKATAPOS NG PAGPASOK SA PAARALAN AT MGA EXTRACURRICULAR NA AKTIBIDAD



## PROGRAMA PAGKATAPOS NG PAGPASOK SA PAARALAN

Ang mga STEP Up After School Program ay magbibigay ng malayuang aktibidad sa pag-aaral para sa mga naka-enroll na estudyante. Marami pang impormasyon tungkol sa mga programa pagkatapos ng pagpasok sa paaralan ang darating.

## HIGH SCHOOL ATHLETICS

Nadetermina ng California Interscholastic Federation (CIF), sa pakikipagtulungan sa lahat ng 10 Seksiyon sa estado, na ang batay sa edukasyong athletics para sa taon ng pag-aaral na 2020-2021 ay magsisimula sa binagong season ng schedule ng sport. Inaasahan na ang karamihan ng mga petsa ng pagsisimula ng Seksiyon ay magsisimula sa Disyembre 2020 o Enero 2021 .

Patuloy nating sinusubaybayan ang mga direktiba at gabay na inilabas mula sa Tanggapan ng Gobernador, ang Departamento ng Edukasyon sa California, ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan, at ang mga lokal na pangkalusugang departamento at mga ahensiya bilang mga direktiba at bagay na ito. Habang nagbabago ang mga gabay na ito, makikipag-ugnayan kami sa lahat ng mga pamilya sa mataas na paaralan.

*Pagsali sa SUSD:*

# IMPORMASYON SA PAG-ENROLL

REGISTRATION



## PAG-ENROLL SA PRESCHOOL

Ang online na pagpaparehistro sa preschool ay makukuha sa [bit.ly/SUSDpreschool](http://bit.ly/SUSDpreschool). Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang Preschool Department sa (209) 933-7380 ext. 1383 o pumunta webpage ng aming distrito [bit.ly/SUSDpreKinfo](http://bit.ly/SUSDpreKinfo).

## TK- GRADE 12 NA PAG-ENROLL PARA SA LAHAT NG MGA ESTUDYANTE

Nagsasagawa ang Centralized Enrollment Department ng mga online enrollment, kahilingan sa paglipat at pagbabago ng address. Hinihikayat namin ang lahat ng mga pamilyang bago o bumabalik mula sa mga ibang distrito sa SUSD na mag-enroll online sa ngayon. Kung ang anak mo ay bumabalik na estudyante sa Stockton Unified School District o bago, makakapagsimula ka ng proseso ng pag-enroll sa pagbisita sa aming enrollment website sa [www.stocktonusd.net/enroll](http://www.stocktonusd.net/enroll). Para sa higit pang impormasyon o mga tanong, mangyaring tumawag sa (209) 933-7028 o mag-email sa [enrollment@stocktonusd.net](mailto:enrollment@stocktonusd.net).

Ang Central Enrollment ay bukas para sa pagpaparehistro ayon sa appointment lang para sa mga baitang TK-12 para sa mga pamilya na kailangan ng karagdagang suporta sa pag-enroll. Paki-email sa [enrollment@stocktonusd.net](mailto:enrollment@stocktonusd.net) o tumawag sa (209) 933-7028 ext 0 para mag-schedule ng appointment. Dahil sa limitadong bilang ng mga appointment na nakalaan sa bawat araw, ang mga magulang ay hinihikayat na mag-enroll online.

## PAARALAN SA ADULT


Ang online na pagpaparehistro ay makukuha sa [www.stocktonusd.net/SchoolForAdults](http://www.stocktonusd.net/SchoolForAdults). Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang paaralan sa (209) 933-7455.

## MGA TALA NG ESTUDYANTE

Kung kailangan mong makuha ang mga tala ng estudyante o mga kopya ng transcript, mangyaring kontakin ang [cwrequest@stocktonusd.net](mailto:cwrequest@stocktonusd.net) o tumawag sa 933-7020 x. 2283. Maaari ka ring humingi ng mga transcript sa pagpunta sa webpage ng aming Mga Talaan ng Estudyante sa [www.stocktonusd.net/Page/419](http://www.stocktonusd.net/Page/419). Ang mga kasaluluyang estudyante sa mataas na paaralan ay maaaring elektronikong humiling ng mga kopya ng kanilang mga transcript gamit ang kanilang impormasyon sa pag-log in sa Xello na makukuha sa pakikipag-ugnay sa mga counselor ng paaralan nila.

*Komunikasyon:*

# PAANO KA MAKAKARINIG MULA SA DISTRITO



Naninindigan ang SUSD na panatiliing may imprmasyon ang mga estudyante, pamilya at kawani sa kabuuan ng pandemikong COVID-19. Gagamitin namin ang mga sumusunod na channel para magbigay ng up-to-date, tumpak na mga update sa komunidad natin:

1

## WEBSITE

Pumunta sa aming website sa [www.stocktonusd.net](http://www.stocktonusd.net).

2

## MGA TAWAG NG TELEPONO AT EMAIL

Lahat ng mga komunikasyon ay ipapadala dito.

3

## SOCIAL MEDIA

Sundan ang aming Opisyal na Facebook, Twitter, at Instagram account sa @StocktonUnified.

4

## STOCKTON UNIFIED MOBILE APP

Direktang makatanggap ng mga push notification mula sa Distrito. Libreng makukuha sa Apple & Google App Stores.

5

## PISIKAL NA MAIL

Ang mga mahahalagang update ay maaaring pisikal na ipadala sa address sa file.

6

## SUSD CONNECTS NEWSLETTER

Mag-subscribe sa SUSDCONnects e-Newsletter sa [www.stocktonusd.net/subscribe](http://www.stocktonusd.net/subscribe).

7

## PEACHJAR

Ang mga liham at flyer ay ie-email sa mga pamilya sa pamamagitan ng email sa email address na nasa file.

**Ang tanging opisyal na pagkukunan ng impormasyon sa SUSD ay nakalista sa itaas.**

\*Ang mga paaralan ay maaaring gumamit ng mga karagdagang kasangkapan para makipagkomunika sa mga pamilya at mga mag-aaral.




*I-download Ngayon:*

# STOCKTON UNIFIED MOBILE APP

**Sumali sa libo-libong pamilya ng SUSD sa pag-download sa Stockton Unified Mobile App!**

I-download ang aming app ngayon para makatanggap ng push notifications mula sa Distrito at paaralan mo direkta agad sa iyong mobile device! Magkakaroon ka rin ng madaling access sa ParentVue, mga kalendaryo ng paaralan, mga dulugan at marami pa!



I-scan ang code na ito gamit ang camera mo para i-download.



“

Bilang magulang, tinutulungan ako nitong masabaybayan ang lahat ng balita, anunsyo, kaganapan at mga pagpupulong. Ito ang pinupuntahan ko para makakuha ng ilang sagot sa mga tanong ko.

- Joumana El Rajabi Hasem

”

“

Binibigyan ako ng SUSD mobile app ng lahat ng impormasyong kailangan ko sa IISANG lugar! Hindi kailangang dumaan sa magkakaibang website. Mayroon pa itong mga social media link!

- Monique Guerrero

”

*Mga Estudyante at Mga Pamilya:*

# MGA DULUGAN SA PANAHON NG VIRTUAL NA PAG-AARAL



Para tingnan ang mga karagdagang dulugan (kasama ang mga para sa pagkain, kalusugan ng pag-iisip, online na pag-aaral, trabaho at kita, atbp.), pakibisita ang aming website sa [www.stocktonusd.net/resources](http://www.stocktonusd.net/resources).

## MGA DULUGAN SA PAG-AALAGA NG KALUSUGAN

### Libreng Covid-19 Testing

Ang Batayang Programang COVID-19 ay pagsusumikap na palawakin ang access sa pagsusuri at testing para sa COVID-19. Ang testing na ito ay makukuha ng lahat sa San Joaquin County, kahit na ang mga hindi nakikitaan ng sintomas. Para mag-schedule ng drive-up appointment sa San Joaquin General Hospital, mangyaring i-access ang Verily site na ito sa [www.projectbaseline.com](http://www.projectbaseline.com).

### Mga Klinika sa San Joaquin County

May mga klinika sa buong county na magbibigay ng pangangalaga sa mga pamilya. Matuto pa sa pagbisita sa [bit.ly/39IF3c7](http://bit.ly/39IF3c7).

### Mga Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan ng San Joaquin County

Nagpapalano at naghahada ang San Joaquin County Public Health Services (PHS) at ang mga kasosyo nito sa potensiyal na pagkalat ng COVID-19 at pananatiliin kayong updated. Sinusubaybayan ng PHS ang mabilis na nagbabagong sitwasyong ito nang malapitan at may mga plano at protokol na nakatalaga sakaling kailangan nating ipatupad ito, kaya handa na tayong gawin ito. Tingnan ang pinakabagong impormasyon mula sa San Joaquin County sa [www.sjcphs.org/coronavirus.aspx](http://www.sjcphs.org/coronavirus.aspx).

## MGA DULUGAN SA PAG-AALAGA NG BATA

### Sentro ng Dulugan ng Pamilya at Referral

Kung ikaw at trabahador sa pangangalaga ng kalusugan, mga unang tumutugon, o anumang trabahador ng mahalagang serbisyo

at kailangan ng pangangalaga ng bata, ang lisensiyadong pangangalaga ng bata sa pamilya ay magandang opsiyon-lalo na dahil ang mga tahanan sa pag-aalaga ng bata sa pamilya ay mas maliit na setting at magandang opsiyon para sa social

distancing. Maraming tagapaglaan ng pangangalaga ng bata ay tumatanggap ng mga bagong bata. Ang Sentro ng Dulugan ng Pamilya at Referral ay nagbibigay ng libreng propesyonal na mga referral (hindi mga rekomendasyon) sa

mga lisensiyadong tagapaglaan ng pangangalaga ng bata sa county. Maaari kang tumawag sa (209) 461-2908 o pumunta sa

[www.frcsj.org](http://www.frcsj.org) para sa referral.



Eleni Richards



Patricia Molo



Nicolette Gonzaba



701 N. Madison St.  
Stockton, CA 95202  
Telepono: (209) 933-7000  
[www.stocktonusd.net](http://www.stocktonusd.net)

Brian Biedermann, *Interim Superintendent*

**Lupon ng Mga Katiwala ng Stockton Unified**

Kathy Garcia, *Presidente* Maria  
Mendez, *Bose Presidente* Cecilia Mendez,  
*Clerk*

Angel Ann Flores  
Lange P. Luntao Scot  
McBrian  
Candelaria Vargas

***Nilathala ng:***

